

TAMANG SAGOT: PC 33 – 2015

IMPLEMENTATION OF THE POINT OF CARE (POC) ENROLLMENT PROGRAM (Revision 1)

1) **ANU-ANO ANG PAGBABAGO SA ORIHINAL NA PHILHEALTH CIRCULAR TUNGKOL SA POINT-OF-CARE (POC) ENROLMENT NA NAKAPALOOB SA PHILHEALTH CIRCULAR 033-2015?**

Ang mga sumusunod ay ang mga pagbabago sa orihinal na Circular tungkol sa POC:

- a. Ang paggamit ng terminong 'Health Care Institutions/Facilities o HCIs/Fs' sa halip na 'hospitals';
- b. Isinama ang mga sumusunod na HCIs/Fs sa pagpapatupad ng POC:
 - Mga pampublikong ospital reclassified na Primary Care Facilities na may inpatient beds, tulad ng infirmaries, dispensaries, birthing homes at walang beds, tulad ng Medical out-patient Clinics at OFW Clinics ayon sa DOH Administrative Order No. 2012-0012;
 - Kwalipikadong pampublikong primary care facilities tulad ng Maternity Clinics, TB DOTS facilities, Animal Bite Treatment Centers, Birthing Homes na hindi kasalukuyang kalahok sa POC ay maaaring makilahok sa Programa, sa kondisyon na ang mga requirements ayon sa DOH-PhilHealth Enrolment Program para sa Health Care Institutions/Facilities-Sponsored Members (HSMs) at PC No. 32, s. 2013 ay matupad;
 - Mga ospital at Primary Health Care facilities na matatagpuan sa lugar na walang internet connectivity para makalahok sa POC Enrolment Program - manual ang magiging proseso.
- c. Ang Local Social Welfare Development Officer (LSWDO) ay maaaring italaga para gawin ang tungkulin ng MSW sa pag-assess ng mga pasyente sa LGU-owned HCIs/Fs. Ang LSWDO ay kinakailangang magsanay sa DOH.
- d. Lahat ng POC enrollees ay kaagarang makagagamit ng NHIP benefits.
- e. Ang pag-assess ng MSW/LSWDO sa mga pasyente ay kailangan magawa simula sa pagkaka-admit nito.
- f. Ang kontribusyon ng mga POC enrollees ay kailangan maibayad sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office (LHIO) sa loob ng tatlung (30) araw mula sa araw na makalabas ang pasyente sa ospital o pasilidad.
- g. Ang mga HCIs/Fs ay kailangang i-monitor at i-evaluate ang sariling pagpapatupad ng programa.

2) **ANO ANG DAHILAN SA PAGBABAGO?**

Kailangang mabago ang Circular dahil mayroong mga HCIs/Fs na hindi nakasama sa POC nang ipinatupad ng DOH ang reclassification ng HCIs/Fs. Naapektuhan ang mga miyembro dahil may mga hindi nakasaling mga pasilidad na malapit o madaling mapuntahan ng mga miyembro. Dahil dito, ang mga miyembro ay gumagastos sa transportasyon kung kaya't mas pinipili nilang huwag na lamang pumunta sa doktor.

3) **AKO AY DATING EMPLEYADO NA NAHINTO ANG PAGBABAYAD NG PREMIUM DAHIL NAWALAN NG TRABAHO. MAAARI PO BA AKONG MAG-AVAIL NG BENEPISYO SA ILALIM NG PONT-OF-CARE PROGRAM KUNG SAKALING AKO O ANG AKING MGA DEPENDENT AY MA-CONFINE?**

Maaari kayong mag-avail sa pampublikong ospital o pasilidad sa kondisyon na sumailalim kayo sa pag-assess ng MSW o LSWDO ng ospital o pasilidad. Kapag kayo ay na-assess na kabilang sa C3 o D, maaari po kayo o ang inyong dependent makapag-avail ng benepisyo sa ilalim ng POC Enrolment Program. Ang ospital ang magbabayad ng kontribusyon ng enrollee na nagkakahalagang Php 2,400 sa isang taon.

4) **NA-CONFINE AKO SA ISANG PAMPUBLIKONG OSPITAL AT NAG-QUALIFY BILANG POINT OF CARE BENEFICIARY. NAG-UNDERGO AKO NG IBA'T-IBANG LABORATORY TESTS NA HINDI AVAILABLE SA OSPITAL AT PINABILI NG GAMOT NA WALA SA PHARMACY NG OSPITAL. SA PANINIWALA NA ANG POC BENEFICIARY AY DAPAT "NO BALANCE BILLING," PUEDE KO BANG MA-REIMBURSE SA PHILHEALTH ANG MGA GINASTOS KO?**

Kinakailangang isumite ang mga Official Receipt sa ospital bago ma-discharge upang maireimburse. Siguraduhin na ipa-photocopy ang mga resibo bago ibigay sa ospital upang mayroon kayong sariling kopya. Ang ospital ang dapat magsabi sa miyembro na ang reimbursement ng ginastos sa pagpapaospital ay maaaring makuha sa ospital.

5) **KAILAN MAGSISIMULA ANG BISA NG PHILHEALTH CIRCULAR 033-2015?**

Ang bisa ng Circular ay magsisimula pagkalipas ng labinlimang (15) araw pagkatapos mailathala ito sa pahayagan.